California School DASHBOARD

Pag-unawa sa Panukat ng Kahandaan sa Kolehiyo/Karera: Nakahanda

Ang Tagapagpabatid ng Kolehiyo/Karera ay kinabibilangan ng mga panukat sa kung gaano kahusay na inihahanda ng mga lokal na ahensiyang pang-edukasyon (mga LEA) at mga paaralan ang mga estudyante para sa malamang na tagumpay pagkaraan ng pagtatapos. Ang mga nagtapos na binigyan ng klasipikasyon bilang **Nakahanda** sa panukat na ito ng estado ay dapat makatugon sa *kahit isa* ng mga pamantayan sa antas na **Nakahanda**.

1

Mas Matalinong Balanseng Nagsusumang mga Pagtasa

Iskor na Antas 3 na "Natugunan ang Pamantayan" o mas mataas sa pareho ng mga sining sa wikang Ingles/karunungang bumasa't sumulat (ELA) at matematika

2

Mga Eksaminasyon para sa Mataas Paglalagay (Advanced Placement, AP)

Iskor na 3 o mas mataas sa dalawang eksaminasyon para sa AP

3

Mga Eksaminasyon para sa International Baccalaureate (IB)

Iskor na 4 o mas mataas sa dalawang eksaminasyon para sa IB

4

Mga Kursong Kredito sa Kolehiyo

Dalawang semester, tatlong quarter, o tatlong trimester ng trabaho sa kurso sa kolehiyo na may markang C- o mas mataas sa akademiko/mga asignatura sa Pangkarerang Teknikal na Edukasyon kung saan ang mga kredito sa kolehiyo ay iginagawad

5

Tatak ng Dalawang Karunungan ng Estado (State Seal of Biliteracy, SSB)

Iginawad na SSB at iskor na Antas 3 o mas mataas sa ELA sa Mas Matalinong Balanseng Nagsusumang mga Pagtasa

6

Agham ng Pamumuno/Militar

Dalawang taon ng Agham ng Pamumuno/Militar, iskor na Antas 3 o mas mataas sa ELA o matematika, at Antas 2 na "Halos Natugunan ang Pamantayan" o mas mataas sa ibang asignatura

7

Landas sa Pangkarerang Teknikal na Edukasyon (Career Technical Education, CTE)

Pagkumpleto ng landas na may markang C- o mas mataas sa capstone na kurso at isa sa mga Karagdagang Pamantayan na nasa ibaba:

- Mas Matalinong Balanseng Nagsusumang mga Pagtasa:
  Antas 3 o mas mataas sa ELA at hindi bababa sa Antas 2 sa matematika, *o*
  Antas 3 o mas mataas sa matematika at hindi bababa sa Antas 2 sa ELA
- Isang semester/dalawang quarter/dalawang trimester ng mga Kursong Kredito sa Kolehiyo na may markang C- o mas mataas sa mga asignaturang akademiko/CTE kung saan ang mga kredito sa kolehiyo ay iginagawad para sa bawat kurso

8

Unibersidad ng California (University of California, UC) Unibersidad ng Estado ng California (California State University, CSU) a-g na mga iniaatas

Kumpletuhin ang mga iniaatas na a-g na kurso na may markang C- o mas mataas kasama ang isa sa mga Karagdagang Pamantayan sa ibaba:

- Mas Matalinong Balanseng Nagsusumang mga Pagtasa:
  Antas 3 o mas mataas sa ELA at hindi bababa sa Antas 2 sa matematika, *o*
  Antas 3 o mas mataas sa matematika at hindi bababa sa Antas 2 sa ELA
- Isang semester/dalawang quarter/dalawang trimester ng mga Kursong Kredito sa Kolehiyo na may markang C- o mas mahusay sa mga asignaturang akademiko/CTE kung saan ang mga kredito sa kolehiyo ay iginagawad para sa bawat kurso
- Iskor na 3 sa isang eksaminasyon para a AP o iskor na 4 sa isang Eksaminasyon para sa IB
- Pagkumpleto ng Landas ng CTE

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang pahina sa web ng California Accountability Model & School Dashboard sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.

Oktubre 2019
Tagalog